



SIPAT-SURI SA IMPLEMENTASYON NG PATAKARANG EDUKASYONG BILINGGWALISMO SA HOLY NAME UNIVERSITY

Fe N. Conui

College of Education, Holy Name University, Tagbilaran City, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra30882>

DOI No: 10.36713/epra30882

ABSTRAK

Sinipat at sinuri sa pag-aaral na ito ang implementasyon ng Pambansang Patakarang Edukasyong Bilinggwal sa Holy Name University. Tiniyak nito ang mga kasagutan sa mga katanungang kaugnay sa mga estado ng mga edukador at administrador ng unibersidad ayon sa uri ng kanilang kakayahan bilang mga bilinggwal, at ang antas ng kanilang kamalayan sa Patakarang Bilinggwal na Edukasyon sa Pilipinas. Sinuri naman ang estado ng implementasyon ng unibersidad sa nasabing probisyong pangwika at tinuklas ang maaaring maipapatupad na mga panukalang patakarang pangwika. Ginamit ng mananaliksik ang deskriptib-analitik na pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos at ang purposive sampling upang matukoy ang mga respondente mula sa tatlong departamentong higit na gumagamit ng bilinggwal sa pagtuturo-pagkatuto ng nasabing unibersidad. Natuklasang ang lahat ng respondente ay nasa estado ng kakayahang produktibong bilinggwal na may kakayahang makapagsulat at makapagsalita. Binuo ng mananaliksik ang talatanungang hinango mula kina Baker at Wright sa Foundations of Bilingual Education and Bilingualism upang matukoy ang estado sa kakayahan ng mga respondente bilang bilinggwal na mga administrador o edukador gayundin ang Patakarang Edukasyong Bilinggwal (D.O. 52, s.1987) upang masipat at masuri ang implementasyon nito sa nabanggit na unibersidad. Natuklasan ding halos lahat ng administrador ay may kamalayang lubos sa Patakarang Edukasyong Bilinggwal samantalang halos lahat ng mga edukador ay may bahagyang kamalayan sa layunin ng nasabing probisyong pangwika. Karamihan sa kanila ay sumang-ayon na lubos na naimplementa ng unibersidad ang pagpapatupad sa probisyon ng Artikulo XIV Seksyon 7 ng 1987 Konstitusyon na pagpapahalaga sa mga wikang Ingles at Filipino sa edukasyon.

MGA SUSING SALITA: *Bilinggwal, Bilinggwalismo, Implementasyon, Patakarang Pangwika, Kakayahang Bilinggwal*

INTRODUKSYON

Wika ang susi ng tao sa karunungan. Instrumento ito sa pagkakaroon ng mga kabatiran, impormasyon, kasanayan at kakayahan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng komunikasyon at nang dahil dito ay nasusungkit niya ang karunungan. Naiuugnay ng wika ang karunungan ng nararapat niyang makamitan sa iba't ibang disiplina sa anumang kaparaanan.

Tunay nga na ang wika ay tulay sa komunikasyong makapag-uudyok ng karunungan. Ang karunungan pormal ay matutunan ng mga mag-aaral sa paaralan gamit ang mga makro-kasanayang pangwika na pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Makakamit lamang ito kung ang wikang midyum sa pagkatuto ay nauunawaan ng mga mag-aaral.

Naihihiyag na ang wikang pambansang Filipino ay may ginagampanang malaki sa pagdukul ng karunungan na nakaatas sa Saligang-Batas para sa mga mamamayang Pilipino. Dahil dito, masasabing hindi binigo ng wikang pambansa ang hangaring makakuha ng karunungan ang mga mamamayan.

Sa kabila ng pagsasaad ng probisyong pangwika ay hindi pa rin buo ang katiyakan kung ang lahat ng mga paaralan sa Pilipinas ay nagpapatupad nito lalo na ang patakarang Edukasyong Bilinggwal. Kung ito ay naipapatupad, hindi rin maiaalis ang kalituhan ng karamihan kung gaano naman katiyak ang pagsasakatuparan nito sa mga paaralan ng bansa.

Nararapat lamang na sinusunod ng paaralan ang mga probisyong pangwika ng isang bansa. Naaayon ito batay sa pambansang pagpaplanong pangwika kung saan tinitiyak ng mga namumunong pang-itaas sa edukasyon na magkakaroon ng ganap na pagkatuto ang mga mag-aaral na Pilipino sa pamamagitan ng wikang nakasanayan o nakagisnang higit na ang wikang pormal na matutunan sa paaralan.

Ngunit hindi mapapadali ang pagdukul ng karunungan sa mga mag-aaral sa isang bansang may pangunahing tampok sa sitwasyong pangwika na may dibersidad. Sang-ayon ito kay Pascasio (2003) na isang pangunahing tampok sa sitwasyon ng wika sa Pilipinas ay ang dibersidad. Isang realidad na nabubuhay sa isang multilinggwal at multikultural na kapaligiran ang bilinggwal na Pilipino. Karaniwan na sa mga Pilipino ang pagiging bilinggwal. Sinasabing ang bilinggwal na Pilipino sa kasalukuyan ay nagtataglay ng isang malakas na pambansang pagkakakilanlan ngunit kailangang hanapin pang higit ang tungkulin nito upang maisagawa ang mga layunin ng pambansang kahusayan sa modernong mundo.



Sa pagpapatibay ng kasalukuyang konstitusyon sa Pilipinas, nakasaad sa Artikulo XIV, Sek. 7 ang pagkatakda ng Filipino at Ingles bilang mga wikang opisyal kung saan isinasaad na ang mga ito ay may tungkulin bilang midyum na opisyal na komunikasyon at pagtuturo.

Sa Pilipinas, nagbibigay-mandato sa mga paaralan ang mga patakarang pangwika sa ilalim ng Komisyon on Higher Education (CHED) at Department of Education (DepEd). Alinsunod sa utos na ito ang idineklara na patakarang ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura sa bilingguwalismo sa mga paaralan (NBE Resolution No. 73-7, s. 1973), ang Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports sa pamamagitan nito ay nagpapahayag ng sumusunod na patakarang:

Isinaad ni Espiritu (n.d.) na ang Patakarang sa Bilinggwal na Edukasyon ay naglalayon sa pagkamit ng kakayahan sa parehong Filipino at Ingles sa pambansang antas, sa pamamagitan ng pagtuturo ng parehong mga wika at paggamit ng mga ito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas. Ang mga wikang panrehiyon ay dapat gamitin bilang mga pantulong na wika sa Baitang I at II. Ang adhikain ng Filipino na magawa nila ang kanilang mga tungkulin bilang mamamayang Filipino at sa Ingles upang matugunan ang mga pangangailangan ng bansa sa komunidad ng mga bansa.

Nagkaroon ng rebisyon sa patakarang Bilinggwal sa Edukasyon bilang bahagi sa sistemang pang-edukasyon ng bansa. Nawala ang eksklusibong paggamit ng Ingles sa mga asignaturang Siyensya at Matematika na nakasaad sa naunang hakbang sa pagbuo nito. Sa halip isinaad sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 52, s.1987 na,

“Ang Patakarang Bilinggwal ay naglalayong makapagtamo ng kahusayan sa Filipino at Ingles sa antas pambansa, sa pamamagitan ng pagtuturo ng dalawang wikang ito at sa paggamit ng mga ito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas.”

Ang nagpalabas na kalihim sa patakarang ito ay si Dr. Lourdes R. Quisumbing ng Departamento ng Edukasyon, Kultura at Isports noong 1987. Taong 1994 naman ay nabuo ang Komisyon on Higher Education (CHED) at naging independente at hiwalay sa Department of Education, Culture and Sports (DECS). Ngunit gayunpaman ay tumalima pa rin ang CHED sa Patakarang Edukasyong Bilinggwal.

Kaugnay nito ang kaisipang makro-mikro ang pamamaraan ng pagsasakatuparan. Nagmula ang pagpaplanong pangwika sa mga pamunuang pambansa ang mga usaping pangwika. Isinabatas naman ito ng pamahalaan at naging kautusan na para sa mga paaralan na may hangaring makakamit ang nalinang na kaalaman gamit ang mga wikang Filipino at Ingles.

Dahil dito, naudyok ang mananaliksik na sipatin ang makro-mikro na implementasyon ng patakarang edukasyong bilinggwal sa Holy Name University, Tagbilaran City kung saan ang paaralang ito ay isa sa mga nakapagprodyus ng mga nagsipagtapos na nanguna sa mga pambansang propesyonal na eksaminasyon at matatagumpay na mga propesyonal sa iba’t ibang larangan na nagtatrabaho sa loob at labas ng bansa gamit ang kani-kanilang angking kakayahan, kasanayan, husay at talino nakapag-aambag nang malaki sa pag-unlad ng bansa. Sinubok at sinuri ng pananaliksik na ito kung naisakatuparan ba ng nasabing paaralan ang nakaatas sa pambansang patakarang pangwika na Edukasyong Bilinggwal.

Saligan ng pag-aaral na ito ang mga batayang legal na Artikulo XIV, Sek. 7 ng 1987 Konstitusyon at D. O. 52 S. 1987. Ginamit naman bilang sandigan ng pag-aaral na ang mga teorya na Implementasyon ng Wika nina Fishman, Das Gupta, Jernudd, at Rubin (1971) at Patakarang Top-Down nina Kaplan at Baldauf (1997).

Ayon sa Artikulo XIV, Sek. 7 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, “Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga’t walang itinatatadhana ang batas, Ingles. Ang mga wika ng rehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbing opisyal na pantulong na midyum ng pagtuturo. Dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabik.” Isinasaad dito sa Saligang Batas ng Pilipinas na ang bansa ay may mga wikang opisyal na ginagamit para sa komunikasyon at pagtuturo. Malinaw na tinutukoy rito ang pangunguna ng Filipino at hangga’t walang ibang itinatatadhana ang batas ay nariyan ang Ingles. Hindi rin mapasusubalian ang mga pantulong na midyum sa pagtuturo, ang mga dayalektong wika ng mga rehiyon. Gayundin, hindi nakaligtaang mabanggit ang wikang Kastila na ilang taon nang nakaimpluwensya sa karamihang dayalekto ng Pilipinas at Arabik na malimit ding naririnig sa timog bahagi ng bansa.

Masasabing tinumbok sa legal na batayan na naipahayag sa itaas na nagdodomina ang mga wikang Ingles at Filipino bilang wikang opisyal sa hangarin ng komunikasyon at pagtuturo sa iba’t ibang disiplina sa mga paaralan. Ang dalawang wika na ito ang kinakasangkapan sa Bilinggwal na Edukasyon sa Pilipinas. Kaya naman, nararapat na sundin ang nakatatadhana ng batas para sa pagdukul ng karunungan ng mgamamamayang Filipino.

Sa pagpapatibay ng kasalukuyang konstitusyon sa Pilipinas, nagkaroon ng rebisyon sa patakarang Bilinggwal sa Edukasyon. Nawala ang eksklusibong paggamit ng Ingles sa mga asignaturang Siyensya at Matematika. Sa halip isinaad sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 52, s.1987 na,

“Ang patakarang Bilinggwal ay naglalayong makapagtamo ng kahusayan sa Filipino at Ingles sa antas pambansa, sa pamamagitan ng pagtuturo ng dalawang wikang ito at sa paggamit ng mga ito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas.”

Ang nagpalabas na kalihim sa patakarang ito ay si Dr. Lourdes R. Quisumbing ng Departamento ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang mga layunin ng Patakarang sa Bilinggwal na Edukasyon ay ang sumusunod: pinahusay na pag-aaral sa pamamagitan ng dalawang wika upang makamit ang kalidad ng edukasyon ayon sa pahayag ng 1987 Konstitusyon; pagpalaganap ng Filipino bilang wika ng literasi; ang pag-unlad ng Filipino bilang isang simbolong panlinggwika para sa pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan; ang



paglilinanag at pagpapaliwanag ng Filipino bilang isang wika ng iskolarling diskurso na nangangahulugang, ang patuloy na intelektwalisasyon nito; at pagpapanatili ng Ingles bilang isang wikang internasyonal para sa Pilipinas at bilang isang wikang hindi eksklusibo sa agham at teknolohiya.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Teorya ng Pagpapalano at Implementasyon ng Wika na iminungkahi nina Fishman at mga kasamahan (1971), na nagpapaliwanag kung paano sadyang pinaunlad, pinamamahalaan, at itinataguyod ang mga wika sa pamamagitan ng mga mekanismo ng pagpaplanong pangwika tulad ng pagpaplanong pangkatayuan (*status planning*), pagpaplanong pangkorpus (*corpus planning*), at pagpaplanong pang-akwisiyon (*acquisition planning*). Binibigyang-diin ng teoryang ito na nagiging mabisa lamang ang mga patakarang pangwika kapag ang mga ito ay sistematikong naipatutupad sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon, pampamahalaan, at panlipunan.

Dagdag pa nito, isinaad ng nasabing teorya na ang prosesong isasagawa sa implementasyon ng wika ay ginagamit sa pagsasagawa ng pagbabago sa wika para maisakatuparan ang layunin ng patakaran nito. Tungkol ito sa kung paano ang plano ay isinaagawa para matupad ang itinakdang layunin. Tumutukoy ang implementasyon ng wika sa mga pagsisikap na maisakatuparan ang nabuong planong pangwika.

Ang bawat pagpapalano ng wika ay inaasahang maisasatupad kaya para masigurado ang isinagawang plano ay tinitiyak ang pagpapatupad o implementasyon ng bawat polisiya. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagkatutong naipagpapatuloy na nagtataglay ng mga nilalaman, saloobin, at kasanayang nararapat na linangin para sa pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang sinusunod na kurikulum.

Batay sa teorya nina Kaplan at Baldauf (1997), ang Top-Down na Patakaran, isinasaad dito na nagmumula sa mga taong may kapangyarihan at awtoridad ang gumawa ng mga desisyon para sa isang partikular na grupo, nang hindi kumukunsulta sa mga tiyak na gumagamit at sumusunod sa wikang ipinapatupad. Dagdag pa, kahit na ang mga patakaran sa wika ay madalas na ginagawa sa mga posisyon ng awtoridad, ang desisyon na gamitin ang mga ito ay maaaring bilang tugon sa panggigipit mula sa mga grupo ng adbokasiya, mga organisasyong hindi pamahalaan, o iba pang mga sektor ng lipunan.

Sa Pilipinas kinasasangkutanan ng nasyonal at lokal na mga steypolder ang implementasyon ng mga patakarang pangwika upang maging matagumpay ang pagpapatupad nito. Minarapat ng Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED) ang pagsasagawa ng mga pagsangguni sa mga pambansang ahensiya ng pamahalaan at iba pang mga lokal na steypolder, mga pribado at pampublikong samahang pampaaralan, mga pambansang organisasyong pangmag-aaral, mga pambansang organisasyong pangguro, mga samahang pangmagulang-guro at iba pa na kasangkot sa pagpapatupad.

Dahil ang pagpapatupad sa pamamaraan ng teoryang Top-Down ay nagmumula sa itaas patungo sa ibaba, isinasagawa ang estratehiyang cascading. Nagkakaroon ng mga pagsasanay na isinagawa ng mga kinauukulang pang-itaas o awtoridad sa mga kasunod na administrador tungo sa mga guro hanggang sa naabot ito ng mga mag-aaral.

Ayon kay Bloomfield (1935) na tinuran nina Dayag at del Rosario (2016), ang Bilinggwalismo ay ang paggamit o pagkontrol ng dalawang wika na tila ba ang dalawang ito ay kanyang katutubong wika. Maikakategorya naman itong perpektong bilinggwal.

Dagdag pa nina Dayag at del Rosario (2016) sinalungat ni Macnamara (1965) ang kaisipan ni Bloomfield na binanggit naman kung saan ipinahayag na ang bilinggwal ay isang taong may sapat na kakayahan sa isa sa apat na makrong kasanayang pangwika sa isa pang wika maliban sa kanyang unang wika.

Sa pagpapakahulugan naman ni Weinreich (1953) na ipinahayag pa rin nina Dayag at del Rosario (2016), ang bilinggwalismo ay ang paggamit ng dalawang wika na magkasalitan.

Iniisa-isa nina Baker at Wright na mababasa sa Foundations of Bilingual Education and Bilingualism ang mga kakayahan ng mga tao sa paraang bilinggwalismo:

- Ang Produktibong Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao sa paggamit ng dalawang wika na may kakayahang makapagsulat at makapagsalita.
- Ang Reseptibong Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao sa pasibong paggamit ng dalawang wika kung saan taglay lamang nito ang abilidad na makaunawa o makabasa.
- Ang Pausbong na Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao sa paggamit ng dalawang wika sa papaunlad na paraan.
- Ang Dinamikong Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao na tumuon sa pagbuo ng saklaw sa mga tampok na nauugnay sa itinayo ng lipunan.
- Ang Simultaneous na Bilinggwalismo ay ang kakayahan ng tao mula sa kanyang pagsilang ay gumamit na ng pinagsabay na dalawang wika.
- Ang Sekwensyal na Bilinggwalismo ay ang kakayahan ng tao/mga tao sa paggamit o pagkatuto ng pangalawang wika na matantiyang may tatlong taon ang lumipas matapos matutunan ang naunang wika.
- Ang Balanseng Bilinggwalismo ay maituturing na ideyal na paggamit/pagkatuto ng dalawang wika kung saan may kakayahan ang tao/mga tao na sa halos lahat ng kanilang mga domeyn.
- Ang *Incipient* na Bilinggwalismo ay paggamit ng isang alam na wika habang ang isa ay bagong kasisimulang wikang natutunan pa lamang.



- i. Ang Paangat na Bilinggwalismo ay paggamit/pagkatuto ng isang wika sa papaunlad na paraan habang may nauna nang isang wikang natutunan at ginagamit.
- j. Ang Resesibong Bilinggwalismo ay ang paggamit ng isang wika mula sa dalawang ginagamit kung saan pababa o pabawas ang paggamit sa isa nito.

Kakikitaan ng ebolusyon sa bilinggwalismo ng edukasyon ang pag-aaral ni Demetrio (2012). Ang “Unang Bilinggwalismo” ay ayon sa panahong iniutos ni Jorge Bocobo, Kalihim ng Pamublikong Instruksyon noong 1939, na maaaring gamitin ang mga unang wika bilang auxiliary na wikang panturo, lalo na para sa mga mag-aaral sa unang baitang, kaya ang kauna-unahan nating programang bilinggwalismo ay binuo ng wikang Ingles at isa sa ating mga unang wika (Hinango kay Sibayan). Ang “Ikalawang Bilinggwalismo” ay umusbong sa kasaysayan kung saan ay nakapaloob dito ang isang hindi nagtagal na pamantayang inilabas noong 1970 na nag-uutos na tanging wikang Pilipino na lamang ang gagamiting midyum sa pagtuturo sa lahat ng antas pangakademiko (hango kay Cruz). Dahil nakasanayan nang gamitin ang mga unang wika bilang auxiliary na wika sa pagtuturo sa mabababang baiting. Itinuring ito bilang isang bilinggwalismo sa aktuwal na pangyayari na binubuo ng wikang Pilipino at isa sa ating mga unang wika. Sa programang ito naganap ang kaunaunahang pagkakataon kung kailan ginamit ang wikang Pilipino bilang wikang panturo sa buong kapuluan. Ang “Ikatlong Bilinggwalismo” ay umiral na panibagong programa, ang ikatlong bilinggwalismo na ipinatupad noong 1974 at nag-utos na gamitin ang mga wikang Ingles at Pilipino at nagsantabi naman sa mga unang wika. Ito ang pinakakilalang programang bilinggwalismo sa ating bansa dahil hindi katulad sa unang bilinggwalismo sumaklaw ito sa lahat ng antas pang-akademiko, at hindi katulad sa ikalawang bilinggwalismo umiral ito nang mahigit isang dekada at naging batayan pa sa mga kasunod nitong programang pangwika.

Sa Saligang Batas ng 1973 sa Pilipinas, Artikulo 15 Seksiyon 2 at 3 isinaad na,

“Ang Batasang Pambansa ay magsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpaunlad at pormal na paggamit ng pambansang wikang Filipino. Hangga’t hindi binabago ang batas, ang Ingles at Filipino ang mananatiling mga wikang opisyal ng Pilipinas.”

Nakasaad sa itaas ang probisyon para sa bilinggwalismo sa edukasyon o pagkakaroon ng dalawang wikang panturo sa mga paaralan at wikang opisyal na iiral sa lahat ng mga pormal na transaksyon sa pamahalaan man o sa kalakalan.

Nilagdaan ang isang makasaysayang patakaran tungkol sa bilinggwal na edukasyon sa bisa ng Resolusyon Bilang 73-7 ng nagsasaad na, “Ang Ingles at Pilipino ay magiging midyum ng pagtuturo at ituturo bilang asignatura sa kurikulum mula Grade 1 hanggang antas unibersidad sa lahat na paaralan, publiko o pribado man.” Ito ay dahil sa pagsusumikap ng Surian ng Wikang Pambansa.

Noong Pebrero 27, 1973, nabuo ng Board of National Education ang sumusunod na konklusyon matapos ang pagsusuri sa probisyon sa wika sa Konstitusyon sa pahayag pa ni Rubin (2008) na nilalayan ng Konstitusyon ang pagkakaroon ng bilinggwal na mamamayan dahil na rin sa pagiging opisyal na wika ng Ingles at Pilipino. Dagdag pa niya, itinatadhana ng Konstitusyon ang Pilipino bilang isa sa mga opisyal na wika kasabay ng paglalaan ng panahon sa pagdeblop ng isang komong wikang tatawaging Filipino. Walang itinatadhanang tuntunin ang Konstitusyon ukol sa wikang panturo. Kaugnay nito, inadapt ng Board of National Education ang Bilinggwal na Patakaran.

Noong Hunyo 19, 1974, naglabas ng mga panuntunan sa pagpapatupad ng edukasyong bilinggwal sa bansa sa bisa ng Department Order No. 25 s. 1974 ang Department of Education. Iilan sa mahahalagang probisyon sa nasabing kautusan ay ang makalinang ng mga mamamayang Pilipinong matatas sa pagpapahayag sa mga wikang Pilipino at Ingles. Ang pariralang *bilingual education* ay binigyang katuturan sa magkahiwalay na paggamit ng Pilipino at Ingles bilang mga wikang panturo mula Grade 1 pataas sa mga tiyak na asignatura. Ang mga asignatura o araling dapat ituro sa Pilipino ay Social Studies/Social Science, Work Education, Character Education, Health Education, at Physical Education. Ingles naman ang magiging wikang panturo sa Science at Mathematics. Ang Pilipino at Ingles bukod sa gagamiting mga wikang panturo ay ituturo pa rin bilang mga asignaturang pangwika. (Wala sa patakaran subalit itinatakdang mga panuntunang magagamit na pantulong na wikan panturo ang bernakular sa pook o lugar na kinaroroonan ng paaralan.) Itinuro ang Patakarang Bilinggwal sa Edukasyon sa taong panuruan 1974-1975.

Sa pagpapatibay ng kasalukuyang konstitusyon sa Pilipinas, nakasaad sa Artikulo XIV, Sek. 7 ang pagkatakda ng Filipino at Ingles bilang mga wikang opisyal kung saan isinasaad na ang mga ito ay may tungkulin bilang midyum na opisyal na komunikasyon at pagtuturo.

Dahil dito, nagkaroon ng rebisyon sa patakarang Bilinggwal sa Edukasyon. Nawala ang eksklusibong paggamit ng Ingles sa mga asignaturang Siyensya at Matematika. Sa halip isinaad sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 52, s.1987 na ang patakarang Bilinggwal ay naglalayong makapagtamo ng kahusayan sa Filipino at Ingles sa antas pambansa, sa pamamagitan ng pagtuturo ng dalawang wikang ito at sa paggamit ng mga ito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas (Rubin, 2008).

Ayon pa kina Aleta, et al. (2009), ang Linguistic Society of the Philippines (LSP) noong 1984 ay nagsagawa ng isang pagsusuri ng programa sa edukasyong bilinggwal, matapos ang sampung taon ng pagpapatupad nito. Binaggit din nina Aleta, et al. ang pahayag nina Gonzales at Sibayan king saan isinaad na ipinakita sa mga natuklasan ng pag-aaral na kahit na nagampanan at natamo nang mahusay ng mga mag-aaral ang mga nakamit sa pagsusulat at nakita ng mga guro at tagapangasiwa ng paaralan ang pangangailangan para sa edukasyong bilinggwal ang pagkakaroon ng kakulangan sa mga materyales sa Filipino at kawalan ng pagsasanay sa preservice at



inservice para sa mga guro sa Filipino. Binigyang-diin ng pag-aaral ng LSP ang pangangailangan para sa isang regular na pagsusuri ng programa sa edukasyong bilinggwal ng bansa.

Sa perspektiba ng sosyolinggwistika ng bilinggwalismo sa Pilipinas, binanggit sa pag-aaral ni Pascasio na isang pangunahing tampok sa sitwasyon ng wika sa Pilipinas ang pagkakaiba-iba. Ang Filipino ay maaaring mas mahusay kaysa Ingles na magsisilbing midyum upang maipahayag ang mga tradisyon, kultura, pagpapahalaga, paniniwala at pambansang hangarin ng mga Pilipino.

Sa pamamagitan ng edukasyong bilinggwal ay maaasahang maging kasangkapan ang bilinggwal na Pilipino na magiging mas handa sa pagsusuri sa kalikasan ng pagbabago sa modernong mundo kasama ang pananalita at ang dimension nito at maunawaan niya nang mas mabuti ang mga pagkakaiba na dapat gawin sa pamamagitan ng pagbabago sa nakaraan at ng kung ano ang mangyayari sa kasalukuyan. Ang kakayahan sa wikang Ingles naman ay magbibigay ng kasangkapan sa kanya upang hawakan ang makabagong teknolohikal na pag-unlad at upang makasabay sa bilis ng pagbabagong teknolohikal.

Sa artikulong Bilingualism and Multilingualism in Primary Education (Philippines) (2019), naipahayag na ang implementasyon ng patakarang bilinggwal sa edukasyon ay nakatutulong sa para sa kabutihan ngunit nakapag-aamabag ito sa pag-aabandona sa mga wika ng minoridad ng bansa. Sa puntong ito, makatutulong naman ang implementasyon ng MTB-MLE at nang hindi maisawalang-bahala ang iba pang mga wika ng bansa.

Sang-ayon naman kay Kennedy (1982), ang matagagumpay na implementasyon ng wika ay kadalasang nasusukat sa antas ng pagtaguyod, paggamit at pagsiwalat sa kinauukulang wika. Tunay ngang isang katotohanan ito sa wikang Ingles na matagumpay na naimplementa bilang wikang unibersal. Nangangahulugang ang bilinggwal na edukasyon naman sa Pilipinas na iniimplementa sa mga paaralan o unibersidad ay magbubunga nang mabuti kung mismong itinataguyod at sinusuportahan ito nang mabuti. Kaya masasabing nakadepende naman ito sa pamunuan ng paaralan o unibersidad.

Ayon sa pag-aaral nina Alvarado at Bacalla (2018), instrumento sa pagtamo ng epektibong paggamit ng wikang panturo ang pagpaplanong pangwika sa isang unibersidad. Ang kanilang pag-aaral ay isinagawa upang matasa ang patakarang pangwika sa Cebu Normal University. Tiniyak ng kanilang pag-aaral na malaman ang kaalaman ng mga guro, administrador, stakeholder at estudyante sa patakarang pangwika, kahalalahan sa pagsasagawang pagpaplanong pangwikang pang-institusyon, estado sa wikang panturo at estado sa implementasyon ng patakarang pangwikang pang-institusyon.

Ipinagkakaloob sa mga administrador ng departamento ng mga wika sa mga paaralan, na pinangangasiwaan ng mga superbisor ng wika ng Filipino at ng Ingles sa mga antas ng distrito, dibisyon, at rehiyon ang pagmonitor sa mga programang pangwika. Malaking salik ang suporta ng pamahalaan, pagkakaisa ng bawat steykholder at maaayos na panuntunan sa pagpapatupad ng patakaran. Gaano man kaganda o kaayos ang patakarang pangwika, kinailangan nitong maipatupad nang mabuti kung hindi ay tiyak na mabibigo ang pagkamit sa bunga ng pagpaplanong pangwika.

Mga Suliranin ng Pag-aaral

Nilayon ng pag-aaral na ito na masipat at masuri ang implementasyon ng Pambansang Patakarang Edukasyong Bilinggwal sa Holy Name University sa Tagbilaran City, Bohol. Tiniyak na masagot ang sumusunod:

1. Ano-ano ang mga estado ng mga edukador at administrador ng Holy Name University kaugnay sa kanilang uri ng kakayahan bilang mga bilinggwal?
2. Ano-ano ang antas ng kamalayan ng mga guro at administrador ng Holy Name University kaugnay sa Patakarang Bilinggwal?
3. Naimplementa ba ng Holy Name University ang probisyong pangwika tiyak na ang Bilinggwal na Edukasyon?
4. Anong panukalang patakarang pangwika ang maaaring maipatupad ng Holy Name University?

METODOLOHIYA

Sa pagbuo ng pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang Deskriptib-Analitik na pamamaraan. Ilalarawan sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa estado ng kakayahang bilinggwal ng mga piling administrador at guro ng Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol. Sinuri naman sa pamamagitan ng pagsipat sa implementasyon ng patakarang Edukasyong Bilinggwal sa Pilipinas sa nasabing unibersidad. Para makakuha ng datos sa mga respondente ay ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang talatanungan. Nakabatay ang nilalaman ng talatanungan sa “Mga Uri sa Kakayahan ng mga Tao sa Paraang Bilinggwalismo” nina Baker at Wright sa Foundations of Bilingual Education and Bilingualism upang matukoy ang estado sa kakayahan ng mga respondente bilang administrador o edukador na bilinggwal. Gayundin naman, ibinatay sa Patakarang Edukasyong Bilinggwal (D.O. 52, S. 1987) ang pagsipat at pagsuri ng implementasyon sa nabanggit na unibersidad. Simpleng istatistiks kung saan ang percentage formula naman ang ginamit para sa pagtuos ng mga datos. May kabuuang labinlimang (15) piling administrador at guro ng Holy Name University ang respondente sa pag-aaral na ito kung saan ay pinangkat sila sa tatlo: tigililimang empleyado mula sa College of Arts and Sciences (CAS), College of Education (COED) at Basic Education Department (BED). Binubuo ng tigdadalawang administrador (program heads) at tigtatatlong guro ang bawat nabanggit na pangkat kung saan ay tiniyak din naman na sa bawat pangkat ay may isang empleyadong guro na di- permanente upang maiwasan ang pagkilling dahil ang apat sa bawat pangkat ay mga empleyadong may mga estadong permanente. Ang kwalipikasyon sa mga administrador ay dapat nagkamit ng doktoradong digri, ang mga guro naman ay dapat na nagkamit ng



masteral na digri maliban sa mga di-permanenteng baguhan na may natamong mga akademik yunit pa lamang sa masteral. Sinadyang pinili ang mga nasabing respondente sapagkat napapabilang sila sa mga kolehiyong higit na gumagamit ng mga pinaksang wika para sa pagtuturo at may potensyal na magiging guro rin balang araw ang mga mag-aaral na tinuruan ng kanilang kolehiyo.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa at nakatuon sa Holy Name University na matatagpuan sa J.A Clarin St. cor. Janssen Heights, Dampas District, Tagbilaran City. Ito ang unang Katolikong unibersidad sa Bohol na nagbibigay ng mahahalaga at nakasentrong edukasyon na may misyon, bisyon at layuning nakabatay sa pagpapahalaga sa ebanghelyo. Akreditado din ito ng Philippine Association of Accredited Schools, Colleges and Universities (PAASCU). Para makalikom ng mga datos ay gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang matukoy ang mga respondente. Upang maisagawa ito ay nagpadala ng liham ang mananaliksik upang pormal na humingi ng pahintulot sa Pangalawang Pangulo para sa Akademiko sa pamamagitan ng Direktor ng Center for Research and Publications. Nang mabigyan ng pahintulot ay binuo na ng mananaliksik ang talatanungang instrument sa pangongolekta ng datos. Ang pamumudmod ng mga talatanungan at pagkuha nito muli ay idinaan sa pagpapadala gamit ang mga platform ng *social media* na Gmail at Messenger dulot ng pandemia kung saan nalimitahan ang harapang pagkikita ng mga tao.

MGA RESULTA

Talahanayan 1

Estado ng mga Piling Administrador at Edukador ng Holy Name University Kaugnay sa Uri ng Kanilang Kakayahan bilang mga Bilinggwal

Mga Uri sa Kakayahan ng mga Tao sa Paraang Bilinggwalismo (nina Baker at Wright sa <i>Foundations of Bilingual Education and Bilingualism</i>)	Mga Administrador	Mga Edukador	Kabuuan
1. Ang Produktibong Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao sa paggamit ng dalawang wika na may kakayahang makapagsulat at makapagsalita.	6	9	15 (100%)
2. Ang Reseptibong Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao sa pasibong paggamit ng dalawang wika kung saan taglay lamang nito ang abilidad na makaunawa o makabasa.	2	3	5 (33%)
3. Ang Pausbong na Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao sa paggamit ng dalawang wika sa papaunlad na paraan.	3	6	9 (60%)
4. Ang Dinamikong Bilinggwalismo ay kakayahan ng tao/mga tao na tumuon sa pagbuo ng saklaw sa mga tampok na nauugnay sa itinayo ng lipunan.	6	5	11 (73%)
5. Ang Simultaneous na Bilinggwalismo ay ang kakayahan ng tao mula sa kanyang pagsilang ay gumamit na ng pinagsabay na dalawang wika.	1	2	3 (20%)
5. Ang Sekwensyal na Bilinggwalismo ay ang kakayahan ng tao/mga tao sa paggamit o pagkatuto ng pangalawang wika na matantyang may tatlong taon ang lumipas matapos matutunan ang naunang wika.	1	7	8 (53%)



7. Ang Balanseng Bilinggwalismo ay maituturing na ideyal na paggamit/pagkatuto ng dalawang wika kung saan may kakayahan ang tao/mga tao na sa halos lahat ng kanilang mga domeyn.	4	7	11 (73%)
8. Ang Incipient na Bilinggwalismo ay paggamit ng isang alam na wika habang ang isa ay bagong kasisimulang wikang natutunan pa lamang.	2	3	5 (33%)
9. Ang Paangat na Bilinggwalismo ay paggamit/pagkatuto ng isang wika sa papaunlad na paraan habang may nauna nang isang wikang natutunan at ginagamit.	4	7	11 (73%)
10. Ang Resesibong Bilinggwalismo ay ang paggamit ng isang wika mula sa dalawang ginagamit kung saan pababa opabawas ang paggamit sa isa nito.	2	1	3 (20%)

Talahanayan 2

Antas ng Kamalayan ng mga Piling Administrador at Edukador ng Holy Name University Kaugnay sa Patakaran ng Edukasyong Bilinggwal sa Pilipinas

MGA PATAKARAN SA EDUKASYONG BILINGGWAL (Batay sa D.O. 52, S. 1987)	LMK		BMK		WK	
	A	E	A	E	A	E
1. Ang probisyon ng Artikulo XIV Seksyon 7 ng 1987 Konstitusyon ay nagsasaad: “Para sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga opisyal na wika ng Pilipinas ay Filipino, at hangga't hindi itinatadhana ng batas, Ingles. Ang mga wikang panrehiyon ay ang pantulong na mga opisyal na wika sa mga rehiyon at magsisilbing pantulong na media ng pagtuturo doon.” ang mga pangangailangan ng bansa sa komunidad ng mga bansa.	5	7	1	2		
2. Ang Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal ay naglalayon sa pagkamit ng kakayahan sa Filipino at Ingles sa pambansang antas, sa pamamagitan ng pagtuturo ng parehong mga wika at paggamit ng mga ito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas. Ang mga wikang panrehiyon ay dapat gamitin bilang mga pantulong na wika sa Baitang I at II. Ang adhikain ng Filipino na magawa nila ang kanilang mga tungkulin at tungkulin bilang mamamayang Pilipino at sa Ingles upang matugunan ang mga pangangailangan ng bansa sa komunidad ng mga bansa.	5	7	1	2		
3. Ang mga layunin ng Patakaran sa Bilinggwal na ukasyon ay ang sumusunod: 3.1 Pinahusay na pag-aaral sa pamamagitan ng dalawang wika upang makamit ang kalidad ng edukasyon ayon sa pahayag ng 1987 Konstitusyon 3.2 Ang pagpalaganap ng Filipino bilang wika ng literasi	5	3	1	5	1	



3.3 Ang pag-unlad ng Filipino bilang isang simbolong panlinggwika para sa pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan 3.4 Ang paglilinanang at pagpapaliwanag ng Filipinobilang isang wika ng iskolarling diskurso na nangangahulugang, ang patuloy na intelektwalisasyon nito 3.5 Ang pagpapanatili ng Ingles bilang isang wikanginternasyonal para sa Pilipinas at bilang isang wikang hindi eksklusibo sa agham at teknolohiya						
4. Ang Filipino at Ingles ay dapat gamitin bilang midyum ng pagtuturo, ang paggamit na inilalaan sa mga tiyak na paksa sa kurikulum na nakasaad sa Department Order No. 25, s. 1974.	5	7	1	1		1
5. Ang mga wikang panrehiyon ay dapat gamitin bilang pantulong na mga midyum ng pagtuturo at bilang panimulang wika para sa literasi kung kinakailangan.	4	7	1	2	1	
6. Ang Filipino at Ingles ay dapat ituro bilang mga asignaturang pangwika sa lahat ng antas upang makamit ang mga layunin ng kakayahang bilinggwal.	5	8		1	1	
7. Dahil ang kakayahan sa paggamit ng parehong Filipino at Ingles ay isa sa mga layunin ng Patakaran sa Bilinggwal na Edukasyon, ang patuloy na pagpapabuti sa pagtuturo ng parehong mga wika, ang kanilang paggamit bilang midyum ng pagtuturo at ang espesipikasyon ay magiging responsibilidad ng buong sistema ng edukasyon.	5	6	1	3		
8. Ang mga institusyon sa antas tersyarya ay mangunguna sa patuloy na intelektwalisasyon ng Filipino. Ang programa ng intelektwalisasyon, gayunpaman, ay dapat ding ituloy sa parehong antas ng elementarya at sekondarya.	5	8	1	1		
9. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay dapat makipagtulungan sa Komisyon ng Wikang Pambansa na ayon sa Konstitusyon ng 1987 ay may tungkulin sa higit pang pagpapaunlad at pagpapayaman ng Filipino.	5	7		2	1	
10. Ang Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay dapat magkaloob ng mga paraan kung saan ang patakarang pangwika ay maaaring ipatupad sa pakikipagtulungan ng mga organisasyon ng pamahalaan at di-pamahalaan.	2	6	4	3		
11. Ang Departamento ay dapat magprograma ng mga pondo para sa pagpapatupad ng Patakaran, sa mga lugar tulad ng paggawa ng mga materyales, pagsasanay sa serbisyo, kompensasyon, at programa sa pagpapayaman para sa mga di-Tagalog, pagbuo ng isang angkop at istandardisadong Filipino Para sa paggamit sa silid-aralan at pagbuo ng angkop na instrument ng pagsusuri.	4	5	2	2	2	

**Talahanayan 3***Implementasyon sa Patakarang Bilinggwal na Edukasyon ng Holy Name University*

IMPLEMENTASYON SA PATAKARANG BILINGGWAL NA EDUKASYON NG HOLY NAME UNIVERSITY	LN		BN		HN	
	A	E	A	E	A	E
1. Pagpapatupad sa probisyon ng Artikulo XIV Seksyon 7 ng 1987 Konstitusyon	6	6		2		1
2. Pagpakamit ng kakayahan sa Filipino at Ingles sa pambansang antas, sa pamamagitan ng pagtuturo ng parehong mga wika at paggamit ng mga ito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas at ang mga wikang panrehiyon ay dapat na ginagamit bilang mga pantulong na wika	2	4	4	5		
3. Pagpapahusay na pag-aaral sa pamamagitan ng dalawang wika upang makamit ang kalidad ng edukasyon ayon sa pahayag ng 1987 Konstitusyon	1	5	5	3		1
4. Pagpalaganap ng Filipino bilang wika ng literasi	5	6	1	2		1
5. Pagpapaunlad ng Filipino bilang isang simbolong panlinggwistiko para sa pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan	6	5		4		
6. Pagpapaliwanag ng Filipino bilang isang wika ng iskolarling diskurso na nangangahulugang ang patuloy na intelektwalisasyon nito	6	6		3		
7. Pagpapanatili ng Ingles bilang isang wikang internasyonal para sa Pilipinas at bilang isang wikang hindi eksklusibo sa agham at teknolohiya	6	7	1			1
8. Paggamit ng Filipino at Ingles bilang midyum ng pagtuturo kung saan ang paggamit na pariralang <i>bilingual education</i> ay binigyang katuturan sa magkahiwalay na paggamit ng Filipino at Ingles bilang mga wikang panturo mula Grade 1 pataas sa mga tiyak na asignatura. Ang mga asignatura o araling dapat ituro sa Filipino ay <i>Social Studies/Social Science, Work Education, Character Education, Health Education, at Physical Education</i> . Ingles naman ang magiging wikang panturo sa <i>Science at Mathematics</i> . Ang Filipino at Ingles bukod sa gagamiting mga wikang panturo ay ituturo pa rin bilang mga asignaturang pangwika	2	8	4	1		
9. Pagtuturo ng Filipino at Ingles bilang mga asignaturang pangwika sa lahat ng antas upang makamit ang mga layunin ng kakayahang bilinggwal	2	5	4	3		1
10. Pagpapatuloy sa pagpapabuti ng pagtuturo ng parehong mga wika, ang kanilang paggamit bilang midyum ng pagtuturo at ang espesipikasyon ay magiging responsibilidad ng buong sistema ng edukasyon	2	5	4	3		1
11. Pagpapanguna ng unibersidad sa antas tersyarya para sa patuloy na intelektwalisasyon ng Filipino at ang programa ng intelektwalisasyon, gayunpaman, ay dapat ding ituloy sa parehong antas ng elementarya at sekondarya	2	3	4	6		
12. Pakikipagtulungan sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na ayon sa Konstitusyon ng 1987 ay may tungkulin sa higit pang pagpapaunlad at pagpapayaman ng Filipino bilang unibersidad na bahagi ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED)	3	5	3	4		
13. Paggamit ng mga wikang Filipino at Ingles sa mga asignatura ng <i>General Education Curriculum (GEC)</i>	2	5	1		3	4



Talahanayan 4

Implementasyon at Suhestyon sa Patakarang Pangwika ng Holy Name University

Mga Katanungan	Oo (Mayroon)		Hindi (Wala)	
	A	E	A	E
1. May iniimplementa bang Patakarang Pangwika (<i>Language Policy</i>) ang HNU?	1	3	5	6
2. Kung batid mong wala, sang-ayon ka bang magkakaroon ang unibersidad ng tiyak na Patakarang Pangwika (<i>Language Policy of Holy Name University</i>)?	5	6		

Talahanayan 5

Mga Suhestyon tungo sa Pagpaplanong Pangwika sa Holy Name University

Administrador	Edukador
1. Sana ay mabigyan ng parehong pagkakataon na magamit ang mga wikang Cebuano-Visayan, Filipino at Ingles sa mgapulung <i>at institutional activities</i> . Maraming pagkakataon na ang karaniwang ginagamit ay Ingles. Sa mga patimpalak kung saan gamit ang wika, maari ding bigyan ng parehong timbang ang mga wikang ito.	1. <i>I am not sure if it is feasible but, GEC courses may offer Filipino and English.</i>
2. Ang wikang Filipino ay nagsisilbing tulay upang magkakaintindihan ang bawat Pilipino sa ating bansa. Mahalaga ang pagkakaroon ng malalim na pag-unawa at tamang paggamit ng Wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan ng mgamamamayan sa isa't isa	2. Pagdaraos ng pananaliksik upang matukoy ang lawak ng implementasyon at pangangailangan kaugnay sa patakarang pangwika ng unibersidad (Holy Name University).
3. Ang paggawa ng sariling programa sa buong University na nakatuon sa aspektong pang akademiko. (It should be unique to Holy Name University.)	3. Magdebelop ng patakarang pangwika at mga hakbang sa pagpapatupad nito sa unibersidad.
	4. Pagdulog sa mga kinauukulan upang maisulong ang mga mungkahing resulta ng pananaliksik.
	5. Pagdaraos ng mga seminar at palihan na may kinalaman sa mga mungkahing pamamaraan upang maisulong ang patakarang pangwika ng unibersidad sa lahat ng antas at sa lahat ng sangay
	6. Wala akong masasabing suhestyon tungkol sa Patakarang Pangwika sa HNU, dahil batid na batid kong lubos na itinaguyod at na implementa ang patakarang pangwika sa paaralang ito, at sa lubos na pag iimplementa nito ay nakakatulong sa pagpapa-unlad sa paggamit ng wikang Filipino at Ingles bilang midyum ng instruction sa lahat ng antas sa paaralan (HNU).
	7. Paigtingin ang mga programang nakakatulong sa pag unlad ng ating wika gaya ng mga patimpalak at isang araw kada buwan na wikang Filipino lang ang gagamitin sa loob ng unibersidad.
	8. Magdagdag pa ng mga programa at aktibidad na magpapahusay sa "Pangwika" ng HNU

**MGA TALAKAY**

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang mga datos na inilalatag ukol sa estado ng mga piling administrador at edukador ng Holy Name University kaugnay sa uri ng kanilang kakayahan bilang mga bilinggwal. Maaaring magiging humigit sa isa ang kanilang kasagutan dahil nakabatay ito Makikitang ang uri ng kakayahang bilinggwal na Produktibong Bilinggwalismo ay nagkamit ng pinakamataas na bilang 15 na may 100%. Malinaw na ipinapakita nito na ang lahat ng administrador at edukador ay nasa estado ng uri ng kakayahan sa paggamit ng dalawang wika na may kakayahang makapagsulat at makapagsalita. Samantala, ang uri ng kakayahang bilinggwal na pinakakaunti naman ayon sa kabuuang bilang ng mga administrador at edukador ay ang Simultaneous na Bilinggwalismo at Resesibong Bilinggwalismo na nasa parehong bilang na 3 na may 20%.

Sumunod naman na bilang na nakamit ay 11 na may taglay na 73% na kung saan ay tatlong uri ng kakayahan ang nakakamit nito at ito ang Dinamikong Bilinggwalismo, Balanseng Bilinggwalismo at Paangat na Bilinggwalismo. Ang Pausbong na Bilinggwalismo ay nakakamit ng 9 na may 60%. Ang Sekwensyal na Bilinggwalismo ay nakakamit ng 8 na may 53%. Ang Incipient naman ay pumapangalawa sa pinakamababa na may 5 nakakamit at may 33%.

Sa pagtuos naman sa estado ng mga administrador lamang ay kapansin-pansing karamihan sa kanila ay nasa estadong Produktibong Bilinggwalismo at Dinamikong Bilinggwalismo kung saan silang lahat ay nasa mga estadong ito. Ibig sabihin, sila ay namuno sa unibersidad na may kakayahan sa paggamit ng dalawang wika na may kakayahang makapagsulat at makapagsalita. Sa bilinggwal na edukasyon ay masasabing huwaran sila sapagkat taglay nila ang paggamit ng wika sa produktibo at dinamikong kakayahan. Samantala, pinakamababa naman sa mga administrador ang nasa estadong Simultaneous na Bilinggwalismo at Sekwensyal na Bilinggwalismo kung saan tig-iisa lamang ang sumagot sa mga ito. Ibig sabihin, limitado lamang sa kanila ang may kakayahan na gumamit ng pinagsabay na dalawang wika gayundin ang paggamit o pagkatuto ng pangalawang wika na matantiyang may tatlong taon ang lumipas matapos matutunan ang naunang wika.

Sa panig naman ng pagtuos sa mga edukador ay kapansin-pansin ang pagkamit ng pinakamaraming bilang na 9 ang uri ng kakayahang bilinggwal na Produktibong Bilinggwal. Lahat sila ay sumagot nito kaya masasabi rin na 100% sa mga piling edukador ay may kakayahan sa paggamit ng dalawang wika na may kakayahang makapagsulat at makapagsalita kung saan angkop na angkop ito para sa kanila bilang mga tagapagturo at tagapaglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral. Nasa kanila ang sangkap na mga wika gayundin ang mga makro-kasanayan sa pagsulat at pagsasalita. Dahil dito, masasabing sila ay naaangkop at karapat-dapat sa kanilang tungkulin bilang mga edukador.

Pinakamababa naman sa mga edukador ang nakamit na estadong Resesibong Bilinggwalismo. Isa lamang ang sumagot nito. Tama rin naman ito bilang mga edukador dahil dapat hindi pababa o pabawas ang paggamit sa isang wika mula sa dalawang ginagamit.

Bilang mga empleyadong administrador at edukador ng paaralan, nararapat na sila rin ay may angking kakayahan ng pagiging bilinggwal upang magiging epektibo sila sa kani-kanilang mga tungkulin sa paaralan lalo na sa mga mag-aaral ngunit nararapat lamang din na sila ay nasa mabuting uri ng estadong pagiging bilinggwal para sa paglapat nito sa kanilang propesyon.

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang tungkol sa antas ng kamalayan ng mga piling administrador at edukador ng Holy Name University kaugnay sa patakaran ng edukasyong bilinggwal sa Pilipinas. Sa nasabing talahayan, ginagamit ang leyendang LMK (Lubos na May Kamalayan), BMK (Bahagyang May Kamalayan) at WK (Walang Kamalayan). Sinipat sa bahaging ito kung ang mga nabanggit na administrador ay may kaalaman sa pambansang patakaran kaugnay sa bilinggwal na edukasyon.

Masisipat sa talahanayang ito na ang mga respondente ay kadalasang may lubos na kaalaman sa patakarang bilinggwal sa Pilipinas. Sa pangkalahatan, halos ang lahat ng mga administrador ay may lubos na kaalaman maliban sa (1) isa na sumagot sa bahagyang may kamalayan o kaya ay walang kamalayan. Sa ika-10 aytem ng talahanayan ay kapansin-pansin na ito lamang ang may kasagutang kaunti lamang ng mga administrador ang tumugon. Ang aytem na ika-3 ay naglalaman ng lima (5) pang nakapaloob na nilalaman kung saan sa panig ng mga edukador ay kapansin-pansing hindi umabot sa kalahati ang tumugon sa lubos na may kamalayan dahil karamihan ay tumugon sa bahagyang may kaalaman. Nangangahulugang mas higit na may kamalayan ang mga administrador kaysa mga edukador. Mauunawaan naman na mangyari pa ay madalas ang mga administrador ang mas nauunang magkaroon ng kaalaman sa mga patakaran at gayundin naman ang mga edukador din naman ay tagapaglapat o gumagamit nito sa pagtuturo ng mga mag-aaral.

Masisipat sa Talahanayan 3 ang pagpapatupad ng Holy Name University sa Patakarang Bilinggwal na Edukasyon sa Pilipinas kung saan ay ginagamit ang leyendang LN (Lubos na Naimplementa), BN (Bahagyang Naimplementa) at HN (Hindi Naimplementa).

Sa unang aytem ng talahayan ay tinugunan ng lahat ng mga edukador ang lubos na naimplementa ang bilinggwal na edukasyon ng unibersidad. Sa ikalawang aytem naman ay hindi nangalahating tinugunan ito ng mga administrador at edukador at walang tumugon sa hindi naimplementa. Sa ikatlong aytem, isang administrador lamang ang tumugon nang lubos na naimplementa ang pagpapahusay ng pag-aaral gamit ang wikang Ingles at Filipino sa pagtamo ng de-kalidad na edukasyon na nakaatas sa konstitusyon at isang edukador lamang din ang tumugon ng hindi naimplementa sa parehong aytem. Sa ikaapat na aytem, karamihan sa mga administrador at edukador ay nagtugon na lubos na naimplementa sa unibersidad ang pagpalaganap ng Filipino bilang wika ng literasi. Lubos na sumagot ang karamihan na nasa ikalima at ikaanim na aytem na naimplementa sa unibersidad ang pagpapaunlad ng Filipino bilang isang simbolong panlinggwistiko para sa pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan at ang pagpapaliwanag ng Filipino bilang isang wika ng iskolarling diskurso na nangangahulugang ang patuloy na intelektwalisasyon nito. Halos lahat maliban lamang sa isang edukador ang tumugon sa



lubos na naimplementa sa aytem pito. Kapansin-pansin naman sa aytem walo, aytem siyam, aytem sampu at aytem labing-isa ang kaunting bilang ng mga administrador na tumugon sa mga ito nang lubos na naimplementa. Karamihan ay tumugon sa bahagyang naimplementa ngunit kabaliktaran naman sa bilang ng mga guro dahil isa lamang ang hindi tumugon sa lubos na naimplementa lalo na sa aytem siyam at sampu. Parehong kalahati ng mga administrador at edukador ang tumugon sa lubos na naimplementa at bahagyang naimplementa ng aytem labindalawa at ni isa ay walang sumagot sa hindi naimplementa. Para naman sa aytem labintatlo na may kaugnayan sa bilinggwal na edukasyon dahil nauukol ito sa paglalapat ng mga wikang Ingles at Filipino. Halos kalahati ay nagsabi na talagang hindi naimplementa ang Paggamit ng mga wikang Filipino at Ingles sa mga asignatura ng General Education Curriculum (GEC).

Halos naimplementa naman ng Holy Name University ang mga nilalaman kaugnay sa patakarang bilinggwal na edukasyon. Hindi rin maikakaila na may mga kaunting kailangan pang pagbubutihan para sa ikauunlad ng wikang Filipino gayundin ang Ingles na mga wika ng pagtuturo at naging patunay rito ang aytem tatlo na isang administrador lang ang tumugon sa lubos na naimplementa. Ibig sabihin hindi pa ganap ang pagpapahusay ng pag-aaral gamit ang dalawang wika para sa pagkamit ng pahayag sang-ayon sa Konstitusyon. Nakapagtataka naming may mga edukador pang nakapansin na hindi talaga naimplementa ang iilan sa mga nilalaman ng patakarang edukasyong bilinggwal.

Kailangang ipaunawa ng mga administrador ng nasabing unibersidad ang patakarang ito upang lubos na mauunawaan ng mga edukador na naglalapat at gumagamit nito sa pagtuturo. Kailangan ding linawin ng kabuuang administrasyon ang kanilang katayuan sa patakarang ito at nang tiyak na maipapatupad ito sa unibersidad. Nakakasiya rin naman ang matapat na pagsagot ng mga administrador kaugnay sa kanilang tugon na bahagyang naimplementa lamang ang pagtuturo, patuloy na pagpapabuti, pagpapanguna sa antas tersyarya sa pagpapaunlad ng dalawang wikang panturo.

Nangangahulugang halos sumunod ang unibersidad sa patakarang edukasyong bilinggwal ng Pilipinas. Natatahak ng unibersidad ang pamamaraang makro-mikro sa pagpapatupad ng patakarang pangwika mula sa CHED at DepEd ngunit nangangailangan pa rin ng dagdag na pagsulong ng nasabing unibersidad upang matamo ang lubos na implementasyon ng patakarang bilinggwal na edukasyon.

Ang talahanayan 4 ay nagpapamalas ng pagsipat kaugnay sa implementasyon at suhestyon sa patakarang pangwika ng Holy Name University ayon sa pagtugon ng mga piling administrador at edukador. Ang kanilang pagsagot sa mga katanungan ay naaayon sa kanilang kabatiran at pagsang-ayon lamang.

Labing-isa (73%) sa mga respondente ang sumagot ng wala pang naiimplementang Patakarang Pangwika (*Language Policy*) ang HNU kung saan ay lima sa mga administrador at anim naman ng mga edukador ang nagpahayag nito. Ang natitirang apat na sumagot ng mayroon ay tiyak na walang kamalayan sa patakarang pambansa na iniuugnay sa unibersidad.

Sa mga sumagot ng wala ay sumang-ayon naman sila na magkakaroon ang unibersidad ng tiyak na Patakarang Pangwika (*Language Policy of Holy Name University*). Nasisipat sa talahanayan na positibo ang karamihan sa pagtugon na sang-ayon silang magkaroon nito. Kapag magkaroon nito ay magiging malinaw ang magiging tungkulinat gamit ng mga nasabing wika sa pagpapalakad ng unibersidad, pagtuturo ng mga guro at ang pinakamahalaga ay ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito ay isinasaad sa Talahanayan 5 ang mga nakuhang suhestyon ng mga respondenteng administrador at edukador para sa pag-unlad na pangwika ng nasabing unibersidad.

Ayon sa administrador na nakasaad sa aytem 1, hinihiling niya na mabigyan ng parehong pagkakataon na magamit ang mga wikang Cebuano-Visayan, Filipino at Ingles sa mga pulong at institutional activities ng Holy Name University. Ang kanyang ibinahaging katwiran ay dahil sa maraming pagkakataon na ang karaniwang ginagamit ay Ingles. Binigyang-diin niya ang mga patimpalak kung saan gamit ang wika ay maaari ring bigyan ng parehong timbang ang mga wikang Cebuano-Visayan, Filipino at Ingles.

Maiuugnay sa pahayag ng administrador na nasa aytem 3 ang kanyang isinasangguni sa pagbuo ng sariling programa sa buong unibersidad at hindi lamang sa mga piling kolehiyo at departamento. Nilalayon nitong pagsangguni niya para sa pagtuon sa aspektong pang-akademiko ng unibersidad. Mainam ang sangguning ito dahil matutugunan ang ipinahahayag ng bilinggwal na edukasyon na makalinang ng mga estudyante sa iba't ibang aspeto nang sa ganoon ay makamit ang hangaring pagka karoon ng karunungan at mga kasanayan sa iba't ibang disiplina.

Kaya masasabing wasto ang ibinahaging pahayag ng administrador na nasa aytem 3 na may malaking papel ang wikang Filipino dahil nagsisilbing tulay ito upang magkakaintindihan ang bawat Pilipino sa ating bansa. Nangangahulugan na nararapat lamang na linangin ang mga wikang panturo ng pareho dahil katulad ng Ingles, ang wikang Filipino ay mahalaga sa pagkakaroon ng malalim na pag-unawa para sa pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa isa't isa.

Mas marami ang ipinahahayag ng mga edukador bilang mga suhestyon para sa pag-unlad-pangwika ng kanilang pinaglilingkuran na unibersidad. Ayon sa edukador na nasa pahayag ng aytem 1 ay hindi siya sigurado kung posible ba at ginagamit ba ng unibersidad ang mga wikang Filipino at Ingles sa unibersidad bagkus ay alam niya ang patakaran sa mga kurso ng GEC na maaaring ituro ang mga ito sa Filipino at Ingles. Sa katunayan, wikang Ingles lamang ang ginagamit sa pagtuturo ng mga asignatura sa Holy Name University. Binigyang laya ng CHED na gamiti ang alinman sa dalawa ngunit may mga kurso sa GEC na nararapat na ituro sa



wikang Filipino. Dahil dito, kakikitaan sa unibersidad ang pagkiling nito sa wikang Ingles. Sa antas tersyarya sana mas magagamit at mapapatunayan ng wikang Filipino na wika ito ng intelektwalisasyon.

Ang kasalukuyang pananaliksik ay sumang-ayon sa aytem 3 na ipinahahayag ng edukador at ito ang pagdaraos ng pananaliksik upang matukoy ang lawak ng implementasyon at pangangailangan kaugnay sa patakarang pangwika ng Holy Name University. Kapuri-puri ito dahil may katumpakan ang layunin ng pananaliksik na ito na naaayon sa pangangailangan ng unibersidad batay sa binanggit ng isang edukador.

May kaunting pagtaliwas ang mga aytem 3 at aytem 6 kung saan pinaksa rito ang usapin sa pagkakaroon ng patakarang pangwika. Ang banggit ng isa ay magdebelop ng patakarang pangwika sa unibersidad samantalang ang isa naman ay wala siyang suhestyon tungkol sa patakarang pangwika dahil batid niyang lubos na naimplementa ang patakarang pangwika sa paaralan. Ang pagsasalungatang ito ay masasagot nang may katiyakan lamang kung talaga bang may patakarang pangwika ang nasabing unibersidad.

Kamangha-mangha ang ipinahahayag ng mga edukador sa kanilang pagnanais na magagamit at mapapaunlad ang mga wikang pang-edukasyon sa unibersidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng patakarang pangwika. Sinabi nilang magdaraos ng mga seminar at palihan na may kinalaman sa mga mungkahing pamamaraan upang maisulong ang patakarang pangwika ng unibersidad sa lahat ng antas at sa lahat ng sangay, paigtingin ang mga programang nakakatulong sa pag unlad ng ating wika gaya ng mga patimpalak at isang araw kada buwan na wikang Filipino lang ang gagamitin sa loob ng unibersidad at magdagdag pa ng mga programa at aktibidad na magpapahusay sa usaping "Pangwika" ng Holy Name University. Napakalalim ng kanilang pinaghuhugutang katwiran kung bakit nakapagsangguni sila sa mga ito.

Nakapanghahamon naman ang isinangguni ng edukador sa nakasaad sa aytem 4: "Pagdulog sa mga kinaukulan upang maisulong ang mga mungkahing resulta ng pananaliksik". Hindi ito madaling gawin sapagkat sangkot na rito ang pamunuan ng unibersidad kung saan ang kahilingan nito ay ang pagkakaroon ng pagpanig, paghuhusga at pagdesisyon kung pagsasang-ayunan ba ito sa unibersidad. Matapang na ipinahayag dito ang kagustuhang mailakad ang kanilang suhestyon tungo sa kinaukulan ng unibersidad. Kaya, tinatapangan din ng mananaliksik na maisagawa ang pananaliksik na ito na may saysay at hindi lamang hahayaan na mailagay sa isang sulok ng unibersidad ang papel na ito.

Konklusyon

Ang mga tugon ng administrador at edukador ay patunay lamang na sila ay matapat na nagmasid sa pamamaraang ipinamalakad ng pamunuan sa unibersidad kaugnay sa implementasyon ng edukasyong bilinggwal. Nagpapahalaga sila sa wikang Ingles at Filipino bilang mga wikang panturo bilang instrumento para sa pagdukul ng karunungan ng mga mag-aaral. Sila ay tumugon at nagsangguni ng mga kaisipan at kaparaanan upang makapagtaguyod ng patakarang pangwika para sa pagpapaunlad-pangwika na nararapat lamang gawin bilang nasa estadong unibersidad na ibibigay ng Commission on Higher Education (CHED).

REPERENSES

1. Aleta, J., et al. (2009). *Dual Language Program Models in Philippine Progressive Schools*. https://www.seameo.org/_ld2008/documents/Presentation_document/Almario_Villeneuve_DualLanguage.pdf
2. Alvarado, T. & Bacalla, L. (2018.) *Pagdalumat sa Pagpaplanong Pangwika ng Pamantasang Normal ng Cebu*. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2018/12/L182128189.pdf>
3. Baker, C. & Wright, W. (2021). *Foundations of Bilingual Education and Bilingualism*. <https://tinyurl.com/4basyhkh> *Bilingualism and Multilingualism in Primary Education (Philippines)*. (2019). https://www.researchgate.net/publication/332050121_Bilingualism_and_Multilingualism_in_Primary_Education_Philippines
4. Dayag, A. at del Rosario, M. G. (2016). *Pinagyamang Pluma-Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.
5. Demeterio, F.P.A. III. (2012). *Sistematikong Multilinggwalismo: Lunsaran ng Mas Matatag na Wikang Pambansa*. Pamantasang De La Salle. https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/34178053/Sistematikong_Multilinggwalismo_o-with-cover-page-v2.pdf *Espiritu, Clemencia. Language Policies in the Philippines*. <https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/language-policies-in-the-philippines/>
6. Fishman, J. A., Das Gupta, J., Jernudd, B. H., & Rubin, J. (1971). *Research outline for comparative studies of language planning*. In J. Rubin & B. H. Jernudd (Eds.), *Can language be planned? Sociolinguistic theory and practice for developing nations* (pp. 293–305). University Press of Hawaii. <https://doi.org/10.2307/j.ctv9zckn.9.21>
7. Kaplan, R. & Baldauf, R. Jr. (2023). *Language Planning: From Language to Theory*. https://www.researchgate.net/publication/386573027_Language_Planning_From_Practice_to_Theory. DOI:10.21832/9781800418059
8. Kennedy, Chris. (1982). *Implementation and Evaluation of Language Planning*. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED233562.pdf>
9. Pascasio, E. (2003). *The Filipino Bilingual from a Sociolinguistic Perspective*. Ateneo de Manila University. <https://www.semanticscholar.org/paper/The-Filipino-bilingual-from-a-sociolinguistic-Pascasio/9746eb50214ebaf80654176d4cba27d7d6841d15#citing-papers>



SJIF Impact Factor (2026): 8.863 | ISI I.F. Value: 1.241 | Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)

EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)

Volume: 11 | Issue: 7 | July 2026

- Peer Reviewed Journal

-
- Policy on Bilingual Education.* <https://www.deped.gov.ph/1987/05/21/do-52-s-1987-the-1987-policy-on-bilingual-education/>
10. Rubin, L. T., Casanova, A. P., Paz, V. P., Abiera, A. A., & Mangonon, I. (2008). *Kasaysayan at pag-unlad ng wikang pambansa ng Pilipinas*. Rex Book Store, Inc. Google Books preview
11. *The Constitution of the Republic of the Philippines.* <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/>